Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Nagkaroon ng pagtatalakayan ukol sa tamang sukat na bawa't pitak. Upang maging pare-pareho ang bawa't sukat ay iminungkahi ni Kag. Gironella na muling magkaroon ng aktuwal na pagsusukat.

Sinabi rin ni Kag. Dungao na ang dating singil sa pitak ay ₱3.50 kada metro kuwadrado. Ang mungkahi ng Pambayang Ingat-Yaman ay maging ₱15.00 kada metro kuwadrado sa mga pitak na nasa bukana at ₱10.00 naman sa mga pitak sa loob ng pamilihan.

Ipinaalam din ni Kag. Gironella ang hinaing ng mga magtitinda ng isda dahilan sa tubig na pinapatay sa oras ng kanilang paglilinis. Hinihiling diumano nila na magkaroon sila ng sariling patubig. Kaugnay nito ay sinabi ni Kag. Perez na talagang nararapat na magkaroon ng mga panun tunang nararapat sundin ng mga magtitinda. Dahilan dito ay iminungkahi ni Kag. Puzon na bumuo ng isang Lupon na siyang tutungkol sa gawaing ito. Kaya't ang:

KAPASIYAHAN BLG. 33 - '88
(Sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Gironella)

IPINASIYA , tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan na buuin ang isang Lupong siyang uugit ng mga panuntunang dapat sundin ng mga magtitinda sa Pamilihang Bayan na pagkakalooban ng mga karapatan, na bubuuin ng lahat ng Tagapangulo at Kagawad ng mga sumusunod na lupon:

Committee on Commerce Trade & Industry
Committee on Health
Committee on Legal Matters
Committee on Peace and Order
Committee on Human Settlements

APPROVED
RESOLUTION No. 428, T. 1988
PROVINCIAL BOARD
Agosto 2, 1988

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagkaisahan din na ang Lupon ay mag-uulat sa Ika-4 ng Mayo, 1988.

Dahilan sa wala ng iba pang paksang tatalakayin ay iminungkahi ni Kag. Puzon na ipinid na ang pulong, na pinangalawahan ni Kag. Almodovar. Ganap na Ika-11:30 ng umaga.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

PATOTOO:

CYNTHIA G. MERCADO
Kalihim Pambayan

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punumbayan

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad